Tagalog

Ang karahasan sa tahanan ay maaring maging sanhi ng kongkusyon o pagkaalog ng utak.

Ang kongkusyon o pagkaalog ng utak ay isang pinsala sa ulo na bunga ng malakas na salpok o tama sa ulo, leeg, o katawan; nagiging sanhi ng mabilis na paggalaw ng utak sa loob ng bungo.

Ang bawat kongkusyon o pagkaalog ng utak ay may partikular na katangian. May iba't ibang mga palatandaan at sintomas ang bawat kongkusyon o pagkaalog ng utak.

Hindi mo kailangang mahimatay para magkaroon ng kongkusyon.

Mga Palatandaan at Sintomas:

- nakahiga at hindi kumikilos
- mabagal bumangon
- pagod at antukin

- natitisod
- mahina ang balanse

- nahihilo
- masakit ang ulo

- pagbabago sa paningin
- pagkalito
- hirap makapokus

humingi kaagad ng pangangalagang/ pangangailangang medikal

- masakit ang leeg
- matinding sakit ng ulo
- dobleng bisyon o paningin

- pagsusuka

- pagkawala ng malay
- biglaang pangangatog ng katawan

- matinding pagkabalisa

Ang mga palatandaan at sintomas ng kongkusyon ay karaniwang naglalaho sa loob ng 4 na linggo.

Ang karahasan sa tahanan at pisikal na pag-atake ay maaaring magresulta sa kongkusyon. Posibleng hindi mo namalayan na ikaw pala ay nagkaroon ng kongkusyon sa oras na iyon. Ang mga palantandaan at sintomas ng kongkusyon ay maaaring tumagal ng ilang araw bago ito lumabas. Kumonsulta kaagad sa doktor o kaya ay ipagbigay alam sa iyong kakilala kung hindi maganda ang iyong pakiramdam.

www.connectivity.org.au
© Connectivity 2023

Connectivity
Traumatic Brain Injury Australia